Iniinom na Antipsychotic na Gamot

Paunang salita

Ang gamot na antipsychotic ay ginagamit upang lunasan ang sakit sa pag-iisip tulad ng schizophrenia at ibang psychoses, pagkabalisa, malalang pagkabahala, kahibangan at marahas at delikadong pabigla biglang pag-uugali. Bagaman ang gamot na antipsychotic ay hindi nakagagaling ng sakit sa pag-iisip, maaari nilang mabawasan o matanggal ang sintomas kasali ang pagbaluktot sa katotohanan, kasama ang guni guni, matinding paranoia o takot at hindi maayos na pag-iisip.

Ang sintomas ng psychosis ay nauugnay sa mga pagbabago ng kemikal sa utak (sa tawag na neurotransmitters), kasama ang dopamine, serotonin, noradrenaline at acetylcholine. Ang mga kemikal na ito ay umaayos ng maraming aspeto ng pag-uugali kasama ang mood, emosyon, kontrol sa pagtulog, paggising at pagkain. Ang gamot na antipsychotic ay tumutulong na mapanumbalik ang balanse ng mga kemikal, kaya't nababawasan o tinatanggal ang sintomas ng psychotic. Ang isang tao ay magsisimulang gumanda ang pakiramdam sa loob ng anim na linggong pagsisimula sa antipsychotic na gamot. Subalit kakailanganing ng mga ilang buwan bago nila maramdaman ang buong benepisyo nito.

Karaniwang ginagamit na iniinom na gamot na antipsychotic

Lahat ng gamot na antipsychotic ay gamot na inirereseta lamang at dapat lamang gamitin sa ilalim ng payo at masusing patnubay ng doktor. Karamihan sa kanila ay mabibili sa pormang iniinom tulad ng tabletas at oral na solusyon.

Mayroong dalawang uri ng iniinom na gamot antipsychosis:

- Tipikal (ang matandang uri ng gamot): kasam sa halimbawa ang Chlorpromazine, Flupenthixol, Haloperidol, Trifluoperazine, Zuclopenthixol; at

- Hindi tipikal (ang makabagong uri ng gamot): kasama sa halimbawa ang Amisulpride, Aripiprazole, Clozapine, Olanzapine, Paliperidone, Quetiapine

Habang ang parehong uri ng gamot na antipsychotic ay epektibo, sa pangkalahatan, ang hindi tipikal na gamot na antipsychosis ay mayroong kakaunting masamang epekto kaysa sa tipikal, katulad ng mas mababang dahilan ng paninigas ng mga kalamnan, hindi mapalagay at tardive dyskinesia (hindi kontroladong paggalaw ng bibig, dila, mukha, panga at minsan, ang ibang parte ng katawan). Subalit, ang hindi tipikal na gamot na antipsychotic ay mas maaaring maging dahilan ng pagtaas ng timbang at mataas na peligro ng diabetes at sakit sa puso. Kaya't masusing pagbabantay sa mga pasyenteng sumasailalim sa paggagamot ang kinakailangan.

Karaniwang masamang epekto ng iniinom na antipsychotic na gamot

Katulad ng ibang gamot, ang iniinom na gamot na antipsychotic ay maaaring magdulot ng masamang epekto sa ilang tao. Karamihang masamang epekto ay nawawala pagkatapos ng maiksing panahon o oras at madalas na ito ay matagumpay na napapamahalaan.

Kasama sa mga karaniwang masamang epekto ang:

- Antok
- Pagkahilo kapag nagpapalit ng posisyon
- Sakit ng ulo
- Pananakit ng tiyan
- Panglalabo ng paningin
- Panunuyo ng bibig
- Pagtigas ng dumi
- Pagbabago sa sekswal na abilidad
- Pagduduwal at pagsusuka

Ang iniinom na tipikal na gamot na antipsychosis ay mas magkakaroon ng masamang epekto na may kinalaman sa pisikal na paggalaw, tulad ng:

- Paninigas
- Paulit ulit na paggalaw ng kalamnan
- Panginginig
- Kawalang pahinga
- Tardive dyskinesia (kadalasang nabubuo sa mga pasyenteng nasa matagalan o may mataas na dosis ng therapy)

Ang gamot na hindi tipikal na antipsychotic ay mas maaaring makapag dulot ng pagtaas

ng timbang at pagbabago sa metabolism ng tao. Ito ay nakapag papataas ng peligro ng isang tao sa pagkakaroon ng diabetes at mataas na kolesterol.

Pag-iingat sa iniinom na gamot antipsychotic

- Dapat ibigay ng may pag-iingat sa mga pasyenteng may sakit sa puso, sakit na Parkinson's, epilepsy, depresyon, myasthenia gravis, prostatic hypertrophy, madaling mahawa ng angle-closure glaucoma, malalang sakit sa paghinga, kasaysayan ng jaundice at blood dyscrasia.
- Hindi dapat ibigay sa mga pasyenteng nasa estado ng comatose, o may depresyon sa central nervous system at phaeochromocytoma.
- Magsimula sa maliit na dosis ng gamot na antipsychotic sa mga pasyenteng may malalang kapansanan sa bato.
- Iwasan ang biglaang pagtigil pagkatapos ng matagalang paggagamot. Ang biglaang pagtigil ng gamot na antipsychotic ay maaaring magdulot ng malawak na sintomas, tulad ng pagdududwal, pagsusuka, pagtatae, pagpapawis at sakit ng ulo.
- Ang ibang iniinom na gamot na antipsychotic ay maaaring magdulot ng antok o kawalang alerto ng pag-iisip. Huwag magmaneho o magpatakbo ng makinarya kung nakakaramdam ng antok o ang pagiging alerto ng iyong pag-iisip ay apektado pagkatapos gumamit ng gamot.
- Ang timbang, antas ng asukal, presyon ng dugo, antas ng lipid, kabuuang bilang ng dugo, urea at electrolytes at trabaho ng atay ay dapat bantayan ng regular ng isang doktor habang gumagamit ng gamot na antipsychotic.
- Ang gamot na antipsychotic (lalo sa mga atypical na gamot na antipsychotic) ay maaaring makapag pataas ng peligro ng stroke sa matatandang may dementia at sa mga pasyenteng may umiiral na dahilan ng peligro sa stroke.
- Ang isang sanggol sa sinapupunan na nahantad sa gamot na antipsychotic habang nasa ikatlong buwan ng pagbubuntis ay may peligro ng extrapyramidal at/o sintomas ng pagbabawas kasunod ng panganganak. Mayroong mga ulat ng pagiging aligaga, hypertonia, hypotonia, panginginig, kalasingan, respiratory distress at problema sa pagkain sa mga sanggol. Ang mga kumplikasyong ito ay nag-iiba iba sa kanilang kalubhaan; at sa ibang mga kaso ang sintomas ay limitado lamang sa kanilang sarili, sa ibang mga kaso ang sanggol ay kinakailangan ng suporta ng intensive care unit at matagal na pagkaka ospital.

Pangkalahatang payo sa pag-inom ng gamot na antipsychotic

- Iwasan ang pag inom ng alkohol kung umiinom ng gamot na antipsychotic dahil maaari itong makapag pataas ng peligro at paglala ng masamang epekto ng gamot.
- Sundin ang payo ng doktor sa paggamit ng gamot. Huwag tumigil o baguhin ang rehimen sa inyong sarili lamang. Dapat na magpatuloy ang pag inom ng gamot kahit na maayos ang pakiramdam.
- Maging pamilyar sa pangalan at dosis ng gamot na inyong iniinom. Maging maingat sa kanilang posibleng masamang epekto.
- Iwasan ang matinding init at mahalumigmig na kapaligiran dahil ang iniinom na gamot na antipsychotic ay maaaring maka apekto sa abilidad ng inyong katawan upang maayos ang temperatura at presyon ng dugo.

Pakikipag usap sa inyong Doktor

- Makipag usap sa inyong doktor para sa pinaka magandang opsyon ng pagagamot. Ang inyong doktor ay magrereseta ng pinakaangkop na gamot para sa inyo matapos ikonsidera ang inyong kondisyon at tugon sa gamot.
- Ipaalam sa inyong doktor o parmasyutiko ang mga gamot na inyong iniinom dahil ang mga gamot na ito ay maaaring maugnay sa mga iniinom na gamot na antipsychotic. Dapat ding ipaalam sa inyong doktor ang anumang sakit na dinadanas ninyo dahil ang ibang sakit ay maaaring mangailangan ng masusing pagbabantay.
- Ipaalam sa inyong doktor kung kayo ay buntis o nagpapasuso dahil ang ibang gamot na iniinom na antipsychotic ay hindi dapat gamitin ng mga babae sa panahong iyon.
- Humanap ng medikal na payo sa inyong doktor kung naghihinala na ang nararanasang masamang epekto ay mula sa gamot na antipsychotic at nagtutuloy tuloy na nakakaapekto sa inyong pang araw araw na buhay.
- Palaging tanungin ang doktor bago uminom ng anumang gamot o produktong pangkalusugan dahil maaring makaapekto sa epekto o makapagpapataas ng masamang epekto sa inyong gamot.

Pag iimbak ng iniinom na gamot na antipsychotic

Ang antipsychotic na gamot ay dapat itago sa malamig at tuyong lugar. Maliban kung nasasaad sa label, ang gamot ay hindi dapat ilagay sa refrigerators. Gayundin, lahat ng

gamot at dapat itago ng maayos sa lugar na hindi dapat maabot ng mga bata upang maiwasan ang aksidenteng pagkalulon nito.

Pagkilala: Ang tanggapan ng Droga ay gustong pasalamatan ang Propesyunal na Kaunlaran at Tiyak na Kalidad (PD&QA) para sa kanilang mahalagang ambag sa preparasyon ng artikulong ito.

Tanggapan ng Droga
Kagawaran ng Kalusugan
Enero 2021